Program Improvement School Choice

Ang programang Program Improvement School Choice (PISC) ay nakalaan sa mga mag-aaral ng San Diego Unified School District na pumapasok sa paaralang hindi pa natutupad ang isa o higit pa sa kaniyang napagtantong magagawa sa loob ng dalawang taong magkasunod. Sa pagtupad sa No Child Left Behind Act, isang pamahalaang batas, ang mga mag-aaral na nakatira sa at dumadalo sa Title I na paaralan na kilala bilang isang paaralang Program Improvement (PI) ay bibigyan ng pasabi at bibigyan ng pagkakataon na magprisinta na dumalo sa isang hinirang na non-program improvement na paaralan sa distrito, at ang tansportasyon ay ibibigay sa loob ng panuntunan ng distrito.

Ang Program Improvement School Choice (PISC) na pagpili ay limitado sa mga hinirang na paaralan. Pakitawagan ang inyong paaralan ngayon o ang tanggapan ng Enrollment Options sa (619) 725-5672 para sa lalong tiyak na impormasyon tungkol sa inyong hinirang na piniling mga paaralan. Mahalaga na isulat na ang programang ito ay taon-taon na may limitadong pondo. Kapag ang mga paaralan ay nagkita sa Adequate Yearly Progress (AYP) ng kanilang nagawang mga layunin sa loob ng magkasunod na dalawang taon, ang mga mag-aaral na nakalista sa isang non-program improement na paaralan ay hindi na magiging karapat-dapat para sa transportasyon. Maaaring ituloy ang kanilang pagdalo sa paaralan hanggang sa pinakamataas na antas ng baitang, subalit wala ng transportasyon.

Paggawa ng Aplikasyon

Isang aplikasyon lamang ang gagamitin para sa lahat ng programang School Choice: Magnet, VEEP, Open Enrollment, at Program Improvement School Choice (PISC). Ang aplikasyon ay makikita kasama sa likod nitong katalogo. Ang mga aplikasiyong natanggap ng ika-1 ng Nobiyembre hanggang ika-15 ng Pebrero ay ihahanay batay sa mga mag-aaral na pinakamababang natututo at may kahirapang kabuhayan ang tatanggap ng pinakamataas na pangunguna at pagbubukurin sa antas ng baitang. Ang listahan ng mga antas ng baitang ay ipapadala sa bawat hinirang na paaralan. Ang mga paaralan ay kailangang tanggapin ang mga mag-aaral sa ayos ng listahan para sa bawat antas ng baitang. Ang mga mag-aaral mula sa mga paaralang Program Improvement ay makatatanggap ng prioridad kaysa sa VEEP at Open Enrollment na aplikasyon na mula sa mga paaralang non-Program Improvement.



Panuntunan ukol sa Transportasyon

Ang transportasyon ay binibigay sa taunang basehan. TAng mga mag-aaral sa PISC ay maaaring huminto kapag:

- Ang tirahang paaralan ng mag-aaral ay nakatupad sa kaniyang nakatakdang tutukang magagawang AYP
- Ang itinalagang paaralang tumatanggap ay naging isang Program Improvement School
- Ang mag-aaral ay nagpalit ng mga antas na baitang (elementary tungo sa gitna o gitna tungo sa mataas na paaralan)

Kapag ang transportasyon ay hindi na ibinibigay, ang mag-aaral ay maaaring mamili kung ipagpapatuloy ang pagdalo sa paaralang tumatanggap na pinili hanggang sa pinakamataas na gradong pamantayan na walang binibigay na transportasyon ang distrito, o maaaring bumalik ang mag-aaral sa pamahayang paaralan. Ang mga tuntunin at patakaran ng distrito ukol sa transportasyon ay ginagamit sa programang ito, pati na sa ibang distrito na may transportasyong programa. Napakahalagang maitala:

- Kailangang may 8 sasakay upang maitatag ang isang rota ng bus.
- Hindi bibigyan ang mag-aaral na nakatira sa loob ng 2.0 milyang nasa mababang paaralan o 2.5 milyang nasa mataas na paaralang tumatanggap.
- Hindi bibigyan ng transportasyon ang mag-aaral na nasa pamahayang paaralan.
- Mga himpilan ng bus o pagsasakay o pagbaba ng bus ay karaniwang naitatag sa o malapit sa pamahayang paaralan.
- Ang mga mag-aaral ay maaaring kailanganing maglakad hanggang 1 milya sa mababang pamantayan at 2 milya sa mga mataas na pamantayan hanggang sa himpilan ng bus.

Mga Kinikilalang Paaralan ng Program Improvement (PI)

Ang mga mag-aaral na pumapasok o nakatakdang pumasok sa isa sa mga sumusunod na paaralan sa 2009-2010 ay maaaring humiling para sa Program Improvement School Choice:

Mababang Paaralan	Gitnang Paaralan	Mataas na Paaralan	Charter
Adams	Bell	Clairemont	Gompers Middle
Alcott	Clark	Crawford CHAMPS	King/Chavez Arts
Audubon	Correia (7-8)	Crawford MVAS	Memorial Academy
Baker	CPMA	Hoover	O'Farrell
Balboa	Farb*	Madison	**Ditipikal**
Burbank	Lewis	Morse	
Carson	Mann	San Diego Business	
Carver	Marston	San Diego Communication	ALBA
Edison	Montgomery	San Diego Arts (MVPA)	Garfield High*
Emerson/Bandini	Pacific Beach		Language Academy
Encanto	Pershing		New Dawn
Garfield	Roosevelt		Twain
Horton	Standley		
Kimbrough	Taft		
Linda Vista	Wangenheim		
Logan	Wilson		
Marshall			
Parks (Rosa)			
Perkins			
Porter			

*Nakamit ng paaralan ang layuning AYP sa 2007-2008 at maaaring umalis sa Program Improvement sa 2009-2010.

Mga Hinirang na Paaralang Tumatanggap ng Mag-aaral

Ang distrito ay may mga tiniyak na mga paaralan na maaaring magpalista ang mga mag-aaral mula sa mga paaralang Program Improvement. Ang mga paaralang ito ay hinirang bilang paaralang tumatanggap na Program Improvement School Choice (PISC). Sa karagdagan, may mga tiyak na rota ng transportasyon na inilapat sa mga paaralang ito. Sa ibang kalagayan maaaring mayroong mga bus na pumupunta sa pagitan ng mga paaralan para sa VEEP. Sa ibang kalagayan, may mga bagong transportasyon na susundin ang nalaman na ang mga magulang ay kailangang mag-prisinta sa mga tiyak na paaralang tumatanggap na kilala na para sa kanilang pamahayang paaralan sa magkasama na programa.

MAGPALISTA NGAYON!
Ang mga aplikasiyon ay dapat
na naibigay sa pagitan ng panahong
ika-1 ng Nobyembre at ika-15 ng Pebrero

Pakitawagan ang inyong kasalukuyang paaralan, o ang tanggapan ng Enrollment Options sa (619) 725-5672 para sa mga tiyak na impormasyon tungkol sa inyong PISC sa tumatanggap na paaralan